أحكام الأطعمة ـ تجالوج

# Ang mga Alituntunin

# sa mga Pagkain



جمعية الدعوة بالزلفي

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦ ـ فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

22

# Ang mga Alituntunin sa mga Pagkain

## أحكام الأطعمة – اللغة الفلبينية

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

# أحكام الأطعمة

**أعده وترجمه إلى اللغة الفلبينية**
**جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي**
**الطبعة الرابعة: ١٤٤٢/٦ هـ**


ح **شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤١٦هـ**
***فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية***

شعبة توعية الجاليات بالزلفي
أحكام الأطعمة ـ فلبيني، شعبة توعية الجاليات بالزلفي
٢٠ ص؛ ٨ × ١٢ سم
ردمك: ٠ـ ١٥ـ ٨١٣ـ ٩٩٦٠
(الكتاب باللغة الفلبينية)
١ـ الأغدية ٢ـ الحلال والحرام أ. العنوان
ديوي ٢٥٩،٢ ١٦/٣٤٣٠

**رقم الإيداع: ١٦/٣٤٣٠**
**ردمك: ٠ـ ١٥ـ ٨١٣ـ ٩٩٦٠**

# أحكام الأطعمة

# Ang mga Alituntunin sa mga Pagkain

Ipinag-utos ni Allah sa mga lingkod Niya ang pagkain ng mga mabuting bagay at ipinag-bawal Niya sa kanila ang mga masamang bagay. Sinabi Niya (2:172): **O mga sumampalataya, kumain kayo mula sa anumang mga mabuting bagay na itinustos Namin sa inyo.**

Ang pangkalahatang panuntunan sa pagkain ay ang pagpapahintulot maliban sa [ilang] ipinag-bawal. Si

Allah ay nagpahintulot sa mga mananampalatayang lingkod Niya ng mga mabuting bagay upang makinabang sila sa mga ito. Hindi ipinahihintulot na gumamit ng mga biyaya ni Allah para sa pagsuway. Nilinaw nga ni Allah sa mga lingkod Niya ang ipinagbawal Niya sa kanila na mga pagkain at mga inumin. Sinabi Niya (6:119): **samantalang puspusang nilinaw na Niya sa inyo ang ipinagbawal Niya sa inyo, maliban doon sa napilitan kayo?** Kaya ang anumang hindi nilinaw ang pagbabawal, ito ay halál (ipinahihintulot ni Allah). Nagsabi

naman ang Propeta (SAS): ***Tunay na si Allah ay nag-satungkulin ng mga tungkulin kaya huwag ninyong ipagpawalang-bahala ang mga ito, nagtakda ng mga hangganan kaya huwag nin-yong lampasan ang mga ito, nagbawal ng ilang bagay kaya huwag ninyong labagin ang mga ito, nanahimik sa ilang bagay bilang awa sa inyo hindi sanhi ng pagkalimot kaya huwag na kayong mag-usisa tungkol sa mga ito.*** (Isina-laysay ito ni Imám atTabaráníy.)

Kaya ang lahat ng hindi nilinaw ni Allah o ng Sugo Niya (SAS) ang pagbabawal gaya ng mga pagkain,

mga inumin, at mga kasuutan ay hindi ipinahihintulot na ipagbawal. Ang pata-karan ay na ang bawat pagkain na ṯáhir na hindi nakapipinsala ay ipinahihintulot, na taliwas naman sa mga pagkaing najis[1] gaya ng hayop na patay, dugo, alak, sigarilyo, at bagay na naha-luan ng najis sapagkat ang mga ito ay ipinagba-bawal dahil nakasasama at nakapipinsala. Ang hayop na patay na ipinagbabawal ay ang naalisan ng buhay nang hindi [sumasailalim] sa pagkaka-tay na

[1] Ang ṯáhir ay ang itinuturing na malinis sa Islam at ang najis naman ay ang itinuturin na marumi sa Islam.

tanggap sa Islam. Ang dugo [na ipinag-babawal] ay ang dugong ibinububo palabas sa kinakatay. Ang dugo namang naiiwan sa loob ng mga ugat ay ipinahihintulot.

Ang mga ipinahihintulot na pagkain ay nasa dalawang uri: mga hayop at mga halaman. Ipina-hihintulot mula sa mga ito ang anumang walang dulot na pinsala. Ang mga hayop ay nasa dala-wang uri: mga hayop na nabubuhay sa lupa at mga hayop na nabubuhay sa dagat. Ang hayop na nabubuhay sa dagat ay halál sa kalubusan at hindi humihiling para rito ng pagkatay [ayon sa Islam]

yamang ipinahihintulot [pati] ang hayop na patay ng dagat. Ang mga hayop na nabubu-hay sa lupa ay ipinahihintulot maliban sa ilang uri na ipinagbawal ng Islam. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang asno na inaalagaan,
2. Ang may pangil na ipinansisila, maliban sa *hyena*.

Ang mga ibon ay ipinahihintulot, maliban sa sumusunod:

1. Ang may kukong ipinandadagit. Nagsabi si Ibnu ‘Abbás (RA): Ipinagbawal ng Sugo ni Allah (SAS) ang bawat may pangil na kabilang sa mga mabangis na hayop at ang

bawat may kukong ipinaninila na kabilang sa mga ibon. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1934.)

2. Ang kumakain ng patay gaya ng agila, buwitre, at uwak dahil sa pagkarimarim ng kinakain nito.

Ipinagbabawal ang pinandidirihan gaya ng ahas, daga, at mga kulisap [maliban sa balang].

Ang iba pa sa nabanggit na mga hayop at mga ibon ay halál gaya ng kabayo, hayupan,[2] manok, asnong

[2] Mga inaalagaang hayop na kumakain ng damo gaya baka, kalabaw, kambing, kamelyo, at iba pa.

ligaw, *dabb*,[3] *ostritch*, kuneho, usa, at iba pa. Hindi kabilang sa mga ito ang *jallálah*: ang hayop na bagaman halál ngunit ang karamihan sa kinakain ay najis. Ipinagba-bawal kainin ang jallaláh hanggang hindi ito ikinukulong nang tatlong araw at pinakakakain ng pagkaing táhir lamang.[4]

---

[3] Isang uri ng iguana o kabilang sa uring iguana na nanini-rahan sa disyerto ng Arabia. Hindi ito bayawak.

[4] Hayop na hindi nakakulong at hinayaang gumala-gala kaya naman nakakakain ng marumi at najis.

Makrúh[5] ang pagkain ng sibuyas, bawang, at mga gaya nito na may masamang amoy kapag papasok sa masjid. Ang sinumang mapipilitang kumain ng pagkaing ipinagbabawal, dahil pina-ngangambahan ang isang kapinsalaan kung hindi kakain nito, ay pinahihintulutan [na kumain anu-mang] makapagpapanatili ng buhay niya[6] mali-ban sa lason.

Ang sinumang mapadaan sa mga bungang-kahoy sa isang pataniman na

---

[5] Hindi harám ngunit hindi rin kanais-nais. Hindi nagkakasala ang gumagamit o ang gumagawa ng makrúh.

[6] Halimbawa: kung walang makain kundi baboy at baka ikamatay ang hindi pagkain nito.

nasa punong-kahoy nito o naglaglagan sa mga ito at walang anumang nakabakod sa mga ito at wala ring nakabantay, ipinahihintulot sa kanya na kumain mula rito ngunit hindi siya magdadala ng anuman mula roon. Wala siyang karapatang umakyat sa punong-kahoy ni mambabato ng anuman ni kumain mula sa nakatumpok na bunga malibang bunsod ng pangangailangan.

# Ang mga Alituntunin sa Pagkakatay

Tunay na bahagi ng kundisyon ng pagiging halál ng hayop na panglupa ay ang pagiging naka-tay nito ayon sa Batas ng Islam. Ang pagkakatay ayon sa Islam ay ang pagkakatay ng panglupang kinakaing hayop sa pamamagitan ng paglalaslas sa lalamunan (daanan ng hangin papuntang baga) at esopago (daanan ng pagkain at inumin), o [sa pamamagitan ng] pagsusugat sa [alinmang bahagi ng katawan ng hayop na] mahirap [katayin]. Hindi magiging halál ang anumang bahagi ng hayop na makakaya

namang katayin ngunit hindi kinatay [ayon sa Islam] dahil ang hindi kinatay ay hayop na patay.[7]

## Mga Kundisyon sa Pagkakatay

1. Ang kaangkupan ng tagapagkatay. Siya ay may lubos na pag-iisip na may makalangit na relihiyon gaya ng Muslim o Kristiyano o Hudyo. Kaya naman hindi ipinahihintulot ang kinatay ng isang baliw o isang lango[8] o isang batang hindi pa tumuntong sa sapat na gulang

[7] Namatay nang hindi sadyaang kinatay.
[8] Lasing sa alak o bangag sa gamot.

dahil hindi magiging tanggap sa mga ito ang layunin na magkatay dahil sa kawalan ng kalubusan ng pag-iisip nila. Hindi rin magiging halál ang kinatay ng isang Káfir na pagano o Mazdaista[9] o sumasamba sa patay.

2. Ang pagkakaroon ng kagamitan. Ipinahi-hintulot ang pagkatay sa pamamagitan ng bawat matalas [na bagay] na nakapagpapa-danak ng dugo dahil sa katalasan,

[9] Mago ang isa pang tawag sa isang Mazdaista na kaanib ng Mazdaismo. Ang relihiyong Mazdaismo ay isang anyo ng Zoroasterianismo, ang relihiyong itinatag ni Zoroaster o Zarathustra na Persiano. Ang Tagapagsalin.

maging ito man ay yari sa bakal o yari sa bato o iba pa rito, maliban sa ngipin, buto, at kuko sapagkat hindi ipinahihintulot ang magkatay sa pamamagitan ng mga ito.

3. Ang paglalaslas ng lalamunan na siyang daanan ng hangin papuntang baga, ng eso-pago na siyang daanan ng pagkain at inumin, at ng isa sa dalawang malaking ugat sa leeg.

Ang katwiran sa pagtatakda sa bahaging ito at sa pagputol sa mga bagay na ito higit sa lahat ay alang-alang sa paglabas ng dugo dahil ang bahaging ito ay tagpuan

ng mga pangunahing ugat at dahil sa iyon ay pina-kamabilis sa pagkitil ng buhay, kaya naman ito ay higit na kaaya-aya para sa karne at higit na maginhawa para sa hayop.

Ang anumang hindi magawang katayin sa bahaging nabanggit dahil sa kawalan ng kakayahang magawa iyon gaya ng sa mailap na hayop at tulad nito, ang pagkatay rito ay sa pamamagitan ng pagsusugat sa alin-mang bahagi ng katawan nito. Ang hayop na mamatay gaya ng nasakal, hinambalos (pinalo

ng isang mabigat na bagay), nalag-lag (bumagsak mula sa mataas na bagay), sinuwag, at anumang sinila ng hayop na naninila, ito ay ipinahihintulot kainin sa kundisyon na naabutan ito habang may natitirang buhay pa at makakatay pa.

4. Na magsasabi ang tagapagkatay ng **bismi -lláh** bago magkatay. Sunnah na sabihin ang **Alláhu akbar** kasama ng **bismi -lláh**.

## Mga Kaasalan sa Pagkakatay

1. Makrúh na katayin ang hayop ng mapurol na kasangkapan.
2. Makrúh na hasain ang kasangkapan habang ang hayop ay nakatingin.
3. Makrúh na iharap ang hayop sa iba pa sa Qiblah.
4. Makrúh na baliin ang leeg nito o balatan ito bago tuluyang namatay.

Ang sunnah ay na katayin ang baka at ang tupa [o kambing] habang nakahiga sa kaliwang tagiliran nito at ang kamelyo habang nakatayong

nakagapos ang kaliwang kamay nito. Si Allah ay higit na nakaaalam.

## Ang Pangangaso

Ipinahihintulot ang pangangaso kapag ito dahil sa pangangailangan, samantalang kapag para naman sa paglilibang at paglalaro, ito ay makrúh. Ang hayop na mailap, matapos mata-maan at mahuli ito, ay may dalawang kalagayan:

1. Na maaabutan ito habang ito ay may buhay pa kaya ito ay kailangang katayin;
2. Na maaabutan ito na namatay na o buhay nga ngunit nag-aagaw-buhay na at ito ay magiging halál

pa rin sa kalagayang ito [kahit hindi nakatay].

Isinasakundisyon para sa nangangaso ang isinasakundisyon para sa nagkakatay:

1. Na siya ay may lubos na pag-iisip, isang Muslim o isang Kristiyano o isang Hudyo. Kaya naman hindi magiging halál para sa Muslim na kumain mula sa ipinangaso ng isang baliw o isang lasing ni sa ipinangaso ng isang Mazadista o isang pagano at tulad nila na mga Káfir.
2. Isinasakundisyon sa kasangkapan na ito ay pinatalas, na

nakapagpapadanak ng dugo at hindi gawa sa kuko ni ngipin (lahat ng mga uri ng mga buto), na susugatan ang ipi-nangangaso sa pamamagitan ng katalasan niyon hindi ng kapurulan niyon. Ang mga ipinangangasong hayop gaya ng mga aso at mga ibon na ipinangangaso ay ipinahi-hintulot kainin ang pinatay ng mga ito na hayop na pinangagaso kapag ang mga ito ay turuan. Turuan ang hayop kung kapag pinawalan ito ay humahayo ito at kapag nakakuha ito ng hayop ay pinipigilan nito iyon para sa may-

ari nito hanggang sa pumunta siya rito at hindi nito pinipigilan iyon para sa sarili nito.

3. Na pawawalan ang sandata habang naglala-yong patamaan ang hayop. Kaya kung nalag-lag ang sandata mula sa kamay at nakapa-tay ito ng isang hayop, hindi magiging halál [ang tinamaan] dahil sa kawalan ng layuning patamaan iyon. Ganoon din naman kung kumawala nang saganang sarili ang aso at nakapatay ng isang hayop, hindi magiging halál [ang napatay] dahil sa hindi pagpa-pawala rito ng may-ari nito at

kawalan ng layunin niya. Ang sinumang tumudla sa isang hayop ngunit tumama sa iba roon o nakapatay ng isang pangkat ng mga hayop, magiging halál pa rin ang tinamaan.

4. Ang pagsambit ng ngalan ni Allah sa pagpa-pawala ng bala o nangangasong hayop sa pamamagitan ng pagsabi ng bismi -lláh at sunnah na sabihin kasama nito ang Alláhu akbar.

# Paalaala

Ipinagbabawal ang pag-aalaga ng aso ayon sa layuning iba sa ipinahintulot ng Sugo ni Allah (SAS). Ito ay isa sa tatlong bagay: para sa panga-ngaso o para sa pagbabantay ng mga alagang hayop o para sa pagbabantay ng mga pananim.

# Ang Magandang Asal sa Pagkain at Pag-inom

Itinuturing ng Muslim na ang pagkain at inumin ay daan lamang na maghahatid sa isang layunin at hindi ang mismong layunin. Kuma-kain siya at umiinom nang sa gayon ay mapana-tili niya ang kalusugan ng kanyang katawan na sa pamamagitan nito ay nasasamba niya si Allah. Ang pagsambang iyon ay nagbibigay sa kanya ng karapatang matamo ang tahanan sa Kabilang-buhay at mamuhay na maligaya roon.

Hindi siya kumakain at umiinom alang-alang sa pagkain, inumin, at

sarap ng mga ito. Kaya naman kung hindi rin lamang siya nagugutom ay hindi siya dapat kumain, at kung hindi siya nauuhaw ay hindi rin siya dapat uminom. Naisa-laysay na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Tayo ay mga taong hindi kakain malibang nagugu-tom, at kapag kumain naman tayo ay hindi nagpapakabusog.*** Dapat sundin ng isang Muslim sa pagkain at pag-inom ang mga magandang asal na itinatagubilin ng Islam.

## Bago Kumain

1. Na pipiliin ang nakabubuting pagkain at inumin sa pamamagitan

ng paghahanda ng mga ito buhat sa mga bagay na halál, naka-bubuti, at hindi nahahaluan ng anumang bagay na harám o nakapagdududa (kung harám o hindi). Batay ito sa sinabi ni Allah (2:172): **O mga sumampalataya, kumain kayo mula sa anumang mga mabuting bagay na itinustos Namin sa inyo.** Ang nakabubuting bagay ay ang halál na hindi marumi at hindi nakadidiri.

2. Na ang lalayunin sa pagkain at pag-inom ay ang ikalalakas ng katawan upang masamba si Allah

nang sa gayon ay magtamo ng gantimpala sa kinain at ininom. Ang gawaing ipinahihintulot, sa pamamagitan ng mabu-ting layunin, ay magiging isang pagsamba kay Allah na may nakalaang gantimpala.

3. Na huhugasan ang mga kamay bago kumain kung ang mga kamay ay may dumi o hindi natitiyak ang kalinisan ng mga ito.
4. Na kung kumakain sa lapag ay uupo na nag-papakumbaba — uupo nang paluhod sa dalawang paa o uupo sa kaliwang paa habang nakatukod ang kanang binti — gaya

ng gina-gawang pag-upo ng Sugo ni Allah (SAS). Nagsabi ng Sugo (SAS): ***Hindi ako kuma-kain na nakatukod ang kamay sa sahig. Ako ay isang alipin[ni Allah] lamang na kumakain kung papaanong kumakain ang isang alipin, at ako ay umuupo kung papaanong umuupo ang isang alipin.***

5. Na magkakasya sa kung ano ang pagkain nakahanda. Na hindi ito pipintasan. Kung magugustahan ay kakainin at kung hindi magustuhan ay huwag kainin. Batay ito sa Hadíth na isinalaysay ni

Abú Hurayrah (RA): ***Walang pagkaing pinintasan ang Propeta (SAS). Kung naiibigan niya ay kinakain niya, at kung hindi niya maibigan ay ini-iwan niya ito.***

6. Na kakain na may kasamang iba pa gaya ng panauhin o kamag-anak o utusan. Batay ito sa isang Hadíth: ***Magtipon kayo sa pagkain ninyo at magsabi kayo* ng bismi -lláh, *pag-papalain Niya kayo sa pagkain ninyo.***

# Habang Kumakain

1. Na sisimulan ang pagkain sa pagsabi ng **bismi -lláh**. Batay ito sa sinabi ng Propeta (SAS): ***Kapag***

***kakain ang sinuman sa inyo ay banggitin niya ang pangalan ni Allah. Kapag nalimutan niyang banggitn ang pangalan ni Allah sa simula ng pagkain niya ay sabihin niya:*** **bismi -lláh awwalahu wa ákhirahu.**[10]

**2.** Na kakain (kung nagkakamay) sa pamama-gitan nang tatlong daliri (hinlalaki, hintuturo, at hingigitna) ng kanang kamay. Liliitan ang subo at ngunguyain nang maigi, kakainin ang nasa malapit at hindi ang nasa malayo. Batay ito sa sinabi ng

[10] Sa ngalan ni Allah, sa simula at sa katapusan.

Propeta (SAS): ***Anak, sabi-hin mo ang bismillah, kumain ka sa pama-magitan ng kanang kamay, at kainin mo kung ano ang malapit sa iyo.***

3. Na pag-iigihin ang pagnguya at sasairin ang laman ng plato pati na ang naiwan sa mga daliri bago punasan o hugasan ang kamay.
4. Na kapag nalaglag ang anuman sa kinain, aalisin ang dumi at kakainin.
5. Na hindi hihipan ang mainit na pagkain, hindi ito kakainin hangang hindi lumalamig-lamig nang kaunti, hindi hihingahan ang tubig

habang iniinom, at hihinga nang tatlong ulit habang ang ilong ay hindi nakatapat sa baso. Batay ito sa Hadíth na isinalaysay ni Ibnu ‘Abbás (RA). Ayon sa kanya, ang Propeta (SAS) ay: “nagbawal na huminga sa loob ng baso o ihipan ang loob nito.”

**6.** Na iiwasan ang labis-labis na pagkabusog. Batay ito sa sinabi ng Propeta (SAS): ***Wala nang pinupunong sisidlan ang isang tao na higit na masama kaysa kanyang tiyan. Sapat na sa anak ni Adan ang mga maliit na subo na pupuno sa pangangailangan***

***ng katawan niya. Kung hindi niya iyon magawa, ang ikatlong bahagi [ng tiyan] ay para sa pagkain niya, ang ikatlong bahagi ay para sa inumin niya, at ang ikatlo ay para sa paghinga niya.***

7. Na hindi mauunang magsimulang kumain o uminom kung sa hapag ay may kasamang lalong karapat-dapat na paunahin dahil sa katandaan o pagtataglay ng kahigitan sa iba sapagkat ang gayon ay nakasisira sa mga magandang asal at ang gumagawa nito ay mapagkakamalang matakaw.

8. Na hindi titingnan ang mga kasama habang kumakain at hindi sila babantayan sapagkat mahihiya sila. Dapat pang ngang hindi ituon ang paningin sa mga kumakaing kasama at huwag silang pagmamasdan dahil baka ika-yamot nila iyon.
9. Na hindi gagawin ang karaniwang pinandi-dirihan ng mga tao. Kaya huwag ipapagpag sa plato ang [natitirang pagkain sa] kamay at huwag ilalapit ang ulo sa plato habang kumakain at sumusubo upang walang anu-mang buhat sa bibig ang malalag sa plato. Ang

anumang kinagatan ay hindi ibabalik sa plato (kung sama-samang kumakain sa iisang plato). Hindi rin magsasalita ng mga salitang ang ipinahihiwatig ay ang mga marumi sapagkat baka ikayamot iyon ng ilan sa mga kasama. Ang pangyayamot sa kapwa Muslim ay ipinagbabawal.

## Matapos Kumain

1. Na hihinto sa pagkain bago tuluyang mabusog bilang tanda ng pagtulad sa Sugo (SAS) at upang huwag maimpatso.
2. Na sasairin ang natirang pagkain sa kamay at pagkatapos ay

pupunasan o huhugasan ang kamay. Ang paghuhugas ng kamay ay siyang karapat-dapat at lalong mainam.

3. Na pupulutin ang mga nahulog na pagkain habang kumakin sapagkat ito ay tanda ng pagpapasalamat sa biyaya.
4. Na aalisin ang tinga sa mga ngipin, magmu-mumog upang maalis ang amoy ng pagkain sa bibig sapagkat ang bibig ay ginagamit sa pagsambit kay Allah at sa pakikipag-usap sa kapwa tao, at sapagkat ang kalinisan ng bibig ay

nagpapanatili ng kalusugan ng ngipin.

5. Na magpupuri kay Allah pagkatapos kumain at uminom sa pamamagitan ng pagsabi ng ***Alhamdu lilláh***[11] o ***alhamdu lilláhi -lladhí at'amaní wa saqání min ghayri hawlim minní wa lá qúwah.***[12]

[11] Ang papuri ay ukol kay Allah.

[12] Ang papuri ay ukol kay Allah na nagpakain sa akin at nagpainom nang walang lakas mula sa akin ni kapangya-rihan.